REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

Sangguniang Panlungsod

**KAPASIYAHANG PANLUNGSOD BLG. 20-173**

**KAPASIYAHAN NA PINAHIHINTULUTAN ANG PAGPAPALAWIG NG KONTRATA NG PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA AT NG "SKY LIMIT PRINTING" PARA SA PAGLILIMBAG NG LINGGUHANG LATHALAING "ANG BAGONG LINGKOD BAYAN" PARA SA ANIM (6) NA BUWAN, MULA ENERO HANGGANG HUNYO, 2000.**

*************************************************************************

Ipinanukala nina: **Kon. Lucio B. Constantino**
**Kon. Dante S. Almario**
**Kon. Mario E. Bulay, Jr.**
**Kon. Reynaldo A. Abas, Jr.**
**Kon. Elmer S. Espeleta**
**Kon. Victor L. Ulanday**
**Kon. Artemio A. Simundac**
**Kon. Patricio L. Boncayao, Jr.**
**Kon. Aldrin L. San Pedro**
**Kon. Jo Jason T. Alcaraz**
**Kon. Raul R. Corro**
**Kon. Nicanor L. Echavez, MD**
**Kon. Bal Niefes**
**Kon. Allan Rey A. Camilon**

*************************************************************************

**SAPAGKAT,** ang opisyal na lingguhang lathalain ng lungsod na ***"Ang Bagong Lingkod Bayan"*** ay isang malinaw na garantiya ng Pamahalaang Lungsod ng Muntinlupa sa kanyang mga mamamayan na ang kanilang karapatan para sa isang malayang daloy ng pampublikong kaalaman na nakadambana sa ating Saligang Batas ay buong pusong maipagkaloob;

**SAPAGKAT,** ang ***Sky Limit Printing*** na siyang naglilimbag ng ***"Ang Bagong Lingkod Bayan"*** sa buong taon ng 1999 ay nakapagbigay ng kapuri-puri at kasiya-siyang paglilingkod sa Lungsod ng Muntinlupa bilang pagtupad sa kanyang bahagi ng nilagdaang kasunduan;

**SAPAGKAT,** ***itinatadhana ng Republic Act 7160,*** na lalong kilala bilang ***Kodigo ng mga Pamahalaang Lokal, taong 19991,*** na kinakailangan ng ating mahal na Punonglungsod ang pahintulot ng Sangguniang Panlungsod bago siya pumasok at lumagda sa isang kontrata o kasunduan sa pangalan ng ating Pamahalaang Lungsod;

**SAPAGKAT,** ang Public Information Office, sa pamamahala ni Ms. Tez H. Valencia, ay ***may nabubuong plano*** upang lalong mapaganda ang opisyal na lingguhang lathalain ng ating lungsod na ***kailangang maisakatuparan sa taong kasalukuyan***;

**NGAYON, DAHIL DITO, PINAGPASIYAHAN** ng Sangguniang Panlungsod na ***pahintulutan ang pagpapalawig ng kontrata*** ng Pamahalaang Lungsod ng Muntinlupa at Sky Limit Printing ***para sa paglilimbag*** ng lingguhang lathalain na "Ang Bagong Lingkod Bayan" ***para sa anim (6) na buwan,*** mula sa Enero hanggang Hunyo, 2000.

**PINAGPASIYAHAN PA,** na kailangan bago matapos ang itinakdang pagpapalawig ng kasunduan ay ***magkaroon ng isang pampublikong tawaran*** upang mapili ang opisyal na tagalimbag ng lingguhang lathalain upang maituloy nang walang balakid ang minimithing mga pagbabago sa "Ang Bagong Lingkod Bayan".

**PINAGTIBAY** ng *Sangguniang Panlungsod ng Muntinlupa* ngayong **19 Enero 2000** sa ginanap na **ika-68** Regular na Sesyon.

**SINANG-AYUNAN:**

**ALDRIN L. SAN PEDRO**
*Konsehal*

**VICTOR L. ULANDAY**
*Konsehal*

**Mggl. RAUL R. CORRO**
*Konsehal*

**DANTE S. ALMARIO**
*Konsehal*

**Mggl. PATRICIO L. BONCAYAO, JR.**
*Konsehal*

**ELMER S. ESPELETA**
*Konsehal*

**BAL NIEFES**
*Konsehal*

**REYNALDO A. ABAS, JR.**
*Konsehal*

**Dr. NICANOR L. ECHAVEZ**
*Konsehal*

**LUCIO B. CONSTANTINO**
*Konseha*

**MARIO E. BULAY, JR.**
*Konsehal*

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

Sangguniang Panlungsod



**ALLAN REY A. CAMILON**
*Kinatawan ng Sektor*
*Pangulo*
*Pederasyon ng Sangguniang Kabataan*

**ARTEMIO A. SIMUNDAC**
*Kinatawan ng Sektor*
*Pangulo*
*Samahan ng mga Punongbarangay*

**LIBAN:**

**Mggl. JO JASON T. ALCARAZ**
*Konsehal*

**PINATOTOTOHAHAN KO** ang katumpakan ng kapasiyahang ito.

**CECILIA C. LAZARTE**
*Kalihim*
**SANGGUNIANG PANLUNGSOD**

**PINATUTUNAYAN:**

**VICENTE Y. CHUA**
*Pangalawang Punonglungsod/Pangulong Opisyal*

**PINAGTIBAY:**

**Mggl. JAIME R. FRESNEDI**
*Punonglungsod*

Petsa:________